


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 1

Unang Digmaang Pandaigdig



Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Module
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Unang Digmaang Pandaigdig
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Elgemary S. Abata, Geoffrey A. Retita
Editor:	Filipina F. Meehlieb, Alfie S. Lito, Lilifreda P. Almazan, Benny T. Abala, Analiza G. Doloricon, John M. Anino, Lileth Oliverio
Mga Tagasuri:	Marino L. Pamogas, Leowenmar Corvera, Edwin C. Salazar, Honorato Mendoza, Marina B. Sanguenza, Joel Plaza, Fatima D. Notarte, Alyn M. Tolero Jr.
Tagaguhit:	
Tagapaglapat:	Paul Andrew A. Tremedal, Genebabe C. Betonio
Mga Nangasiwa:	Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol, Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Karen L. Galanida, Florence E. Almaden Carlo P. Tantoy, Noemi D. Lim, Sammy D. Altres

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon ng Caraga

Office Address: Teacher Development Center, J.P. Rosales Avenue,
Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085) 342-8207

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

8

Araling Panlipunan
Ikaapat na Markahan – Modyul 1
Unang Digmaang Pandaigdig

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipag-ugnayan at sama-samang pagkilos sa kontemporaryong daigdig tungo sa pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga gawain, programa, proyekto sa antas ng komunidad at bansa na nagsusulong ng rehiyonal at pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran.



Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda upang matulungan ka na maunawaan ang mga mahahalagang kaganapan sa Unang Digmaang Pandaigdig. Ang kaalaman mo sa mga pangyayaring ito ay mabisang hakbang upang iyong makilala at maunawaan ang mga sanhi, epekto at bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang maging mas maganda ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa **Unang Digmaang Pandaigdig** na nahahati sa sumusunod na paksa:


- **Paksa 1**- Mga Sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig
- **Paksa 2**- Mga Pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig
- **Paksa 3**- Mga Bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:

- Nasusuri ang mga dahilan, mahahalagang pangyayaring naganap at bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig (**AP8AKD-IVa-1**)

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- nasusuri ang mga sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig;
- nailalarawan ang mga pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig;
- natutukoy ang mga bunga ng Unang Digmaang Pandaigdig;
- napahahalagahan ang pagsisikap ng mga bansa upang magkaroon ng isang mapayapang bansa; at
- nakagagawa ng talumpati tungkol sa pagkakaroon ng isang mapayapang komunidad.



Subukin

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ano ang tawag sa pagkakampihan ng mga bansa sa Europe bago nagsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig?
A. alyansa
B. pagkakaibigan
C. kapatiran
D. sanduguan
2. Alin sa sumusunod na sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang tumutukoy sa pagpapahusay, pagpaparami ng armas, at pagpapalakas ng mga sandatahang lakas ng mga bansa sa Europa?
A. Imperyalismo
B. Kolonyalismo
C. Militarismo
D. Nasyonalismo
3. Saang kontinente nagsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig?
A. Africa
B. Asia
C. Europe
D. North America
4. Alin sa sumusunod na pangyayari ang naging hudyat ng pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig?
A. paglusob ng Germany sa Belgium
B. pagpapalabas ng Labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
C. pagwawakas ng mga imperyo sa Europe tulad ng Germany, Austria-Hungary, Russia at Turkey
D. pagpaslang sa tagapagmana ng trono ng Austria-Hungary na si Archduke Francis Ferdinand

5. Alin sa sumusunod na pahayag ang halimbawa ng epekto sa ekonomiya pagkatapos ng mga digmaan?
- Paghina ng industrialisasyon at pananalapi
 - Pagiging malaya mula sa mga mananakop
 - Pagtatag ng samahang Liga ng mga Bansa
 - Paglakas ng *Central Powers* sa larangan ng pamamahala
6. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga mahalagang pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig?
- pagkakatatag ng United Nations
 - pagkakaroon ng diwang nasyonalismo
 - pagkakatatag ng Allies at Central Powers
 - pagpapalakas ng hukbong militar ng mga bansa
7. Sino ang nagpasikat ng katagang “Sa alinmang digmaan, walang panalo lahat ay talo?”
- Lloyd George
 - Woodrow Wilson
 - Neville Chamberlain
 - George Clemenceau
8. Alin sa mga sumusunod na sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang tumutukoy sa madaling paraan ng pagpapalawak ng kapangyarihan ng isang bansa sa pamamagitan ng pag-impluwensiya sa mga kalakaran ng ibang estado?
- | | |
|-----------------|-----------------|
| A. imperyalismo | C. militarismo |
| B. kolonyalismo | D. nasyonalismo |
9. Ano-anong bansa ang bumubuo sa Triple Entente?
- France, Italy, Russia
 - Russia, Germany, Italy
 - France, Great Britain, Russia
 - Germany, Austria-Hungary, Italy
10. Paano naging sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang pagbubuo ng mga alyansa?
- Nalagay sa panganib ang isang bansa
 - Nagkaroon ng pagkakampihan sa mga bansang sangkot
 - Pinahina nito ang sandatahang lakas ng isang bansa
 - Mas napalawak ang ugnayan ng mga bansa sa pakikipagkalakalan
11. Alin sa sumusunod ang maaring magdulot ng pinakamatinding pinsala sa ari-arian at imprastruktura?
- | | |
|-------------|--------------|
| A. digmaan | C. kahirapan |
| B. epidemya | D. pagkalugi |

12. Anong imperyo sa Gitnang Silangan ang bumagsak pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig?
- A. Hapsburg
B. Hohenzollern
C. Ottoman
D. Romanov
13. Aling pahayag ang hindi nagsasaad ng tamang hinuha tungkol sa epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig?
- A. Nasira ang mga ari-arian.
B. Napahinto nito ang gawaing pangkabuhayan.
C. Maraming tao ang mandarayuhan sa ibang bayan.
D. Tumaas ang bilang ng mga taong nasugatan at namatay.
14. Ano ang mahihinuha kapag naantala ng digmaan ang aktibong kalakalan sa buong mundo?
- A. Tataas ang presyo ng mga bilihin
B. Bababa ang presyo ng mga bilihin
C. Tatamlay o mahihinto ang kalakalan
D. Kaunting produkto ang mapagpipilian
15. Kung ikaw ay isang lider na nakaligtas sa Unang Digmaang Pandaigdig, alin ang nararapat unang bigyang-pansin?
- A. pagsali sa iba't ibang pandaigdigang samahan
B. payagan ang lahat ng dayuhang mamumuhunan na papasok sa bansa
C. palawakin ang teritoryo upang madagdagan ang mga hilaw na sangkap at mapabilis ang pag-unlad
D. pagpapatupad ng mga programang pang-ekonomiya na nakatuon sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga tao



Balikan

Gawain 1: Kilalanin Mo

Panuto: Piliin mula sa kahon ang tinutukoy ng pahayag sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Simon Bolivar

Josef Stalin

Vladimir I

James Monroe

Jose de San Martin

Juan Manuel de Rosas

1. Siya ang tinaguriang “Tagapagpalaya ng Timog Amerika”
2. Siya ang humalili na pinuno ng USSR nang namatay si Vladimir Lenin
3. Siya ang namuno sa pagpapabagsak ng pamahalaang Espanyol sa Argentina
4. Sa kanya ipinangalan ang kabisera ng Liberia na Monrovia.
5. Siya ang nagpalaganap ng Kristiyanismong Griyego sa Russia



Tuklasin

Gawain 2: Ang aking Pasya

Isa sa mga pangunahing dahilan ng pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig ang mga alyansang nabuo sa pagitan ng mga bansa. Ang pagpatay ni Gavrilo Princip, isang Serbian, sa tagapagmana ng trono ng imperyo ng Austria-Hungary na si Archduke Franz Ferdinand at kanyang asawang si Sophie ay nagbunga ng pagdedeklara nito ng digmaan sa Serbia. Samantala ang Rusya na ka-alyansa ng Serbia ay nagsimula namang magpadala ng mga tropa nito sa hangganan ng Austria-Hungary. Dahil inaasahan na tutulungan ng Germany o Alemanya ang Austria bilang kakampi nito, nagpadala na din ng mga tropang militar ang Russia malapit sa border o hangganan nito. Dahil dito, nagdeklara na rin ng digmaan ang Germany sa Austria.

Sa iyong palagay, makatwiran bang kumampi sa isang bansang ka-alyado at suportahan ito sakaling magdeklara ito ng digmaan sa ibang bansa? Ibigay ang iyong sagot sa pamamagitan ng pagkumpleto ng tsart ng pagpapasya sa ibaba. Gawin ito sa hiwalay na papel.

TSART NG PAGPAPASYA

Pasya	Kapag pinili ko ito	Maaaring maging epekto nito sa aking bansa at sa aking ugnayan sa bansang ka-alyado.
sasali sa digmaan at susuporta sa bansang ka-alyansa o kaibigan		
hindi sasali sa digmaan at susuporta sa bansang ka-alyansa o kaibigan		

Ang aking pinal na desisyon at paliwanag kung bakit ito ang napili ko.



Suriin

Mga Salik sa Pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig

Noong ika-28 ng Hunyo, 1914, si Archduke Francis Ferdinand, tagapagmana sa trono ng Austria ay dumalaw sa Sarajevo, Bosnia. Siya ay pataksil na pinatay ni Gavrilo Princip, isang Serbian na naninirahan sa Bosnia. Si Princip at ang kanyang kasama ay kabilang sa *The Black Hand*, isang grupong nagnanais na palayain ang Serbia mula sa pananakop ng Austria. Naghinala ang Austria na may kinalaman ang Serbia sa pangyayari, at agad nagpadala ng ultimatum ang Austria sa Serbia. Ang mga itinalaga sa ultimatum ay hindi naging katanggap-tanggap sa Serbia kung kayat iminungkahi nitong isangguni sa *Hague Court* ang suliranin. Hindi nasiyahan ang Austria sa kasagutan at noong ika-28 ng Hulyo, 1914, ito ay nagpahayag ng pakikidigma laban sa Serbia.

Mayroong apat na mahalagang salik na nagpasiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ito ay ang sumusunod:

1. Nasyonalismo

Isa sa pangunhaing dahilan ng pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig ang masidhing pagnanais ng mga Slavic tulad ng Serbia na makalaya mula sa kapangyarihan ng Imperyong Austria-Hungary. Ang Rebolusyon sa Pransya at mga pananakop na ginawa ni Napoleon ay nagluwal ng nasyonalismo sa Europa, isang pwersang pinakikilos ng matinding pagnanais na maging malaya o maisulong ang karapatan para sa *self-determination* o maitaguyod ang pagsasarili. Kalakip ng pagnanais na ito ay ang paniniwalang ang mga taong galing sa magkaparehong etnisidad at wika ay may karapatang bumuo ng sarili nilang estado na malaya sa pananakop o dominasyon ng malalakas na bansa. Halimbawa nito ang pagnanais ng Serbia na sagipin ang Bosnia at Herzegovina mula sa pananakop ng Austria. Tulad ng Serbia, may mga bansang makapangyarihan na masidhi din ang

paniniwala na karapatan nilang pangalagaan ang kanilang mga kalahi kahit nasa ilalim ito ng kapangyarihan ng ibang bansa.

Samantala, isang anyo naman ng nasyonalismo, ang tinatawag na agresibong nasyonalismo ang nagtulak sa mga makapangyarihang bansa sa Europa na makipagkumpetensya sa isa't-isa sa pagpapalakas ng kanilang industriya at pagpapalawak ng kanilang market o pamilihan. Unang halimbawa ang mga aristokrasyang militar ng Germany. Naniniwala sila na ang kanilang lahi ang nangunguna sa Europe.

2. Imperyalismo at Kolonyalismo

Nag-unahan ang makapangyarihang bansa na sumakop ng mga lupain at magkaroon ng kontrol sa pinagkukunang-yaman at kalakal sa Aprika at Asya. Ito ay lumikha ng samaan ng loob at pag-alitan ng mga bansa. Halimbawa, sinalungat ng Great Britain ang pag-angkin ng Germany sa Tanganyika (East Africa) sapagkat balakid ito sa kanyang balak na maglagay ng transportasyong riles mula sa Cape Colony patungong Cairo. Tinangka namang hadlangan ng Germany ang pagtatag ng *French Protectorate* sa Morocco sapagkat naiinggit ito sa mga tagumpay ng France sa Hilagang Africa. Ang pagpapalawak ng hangganan ng Austria sa Balkan ay tumawag ng pansin at mahigpit na pagsalungat ng Serbia at Russia. Naging kalaban din ng Germany ang Great Britain at Japan sa pagsakop sa China. Hindi nasiyahan ang Germany at Italy sa pagkakahati-hati ng Africa sapagkat kaunti lamang ang kanilang nasakop samantalang malaki ang bahaging nakuha ng Great Britain at France.¹

3. Militarismo

Upang mapangalagaan at maprotektahan ang kani-kanilang teritoryo, kinakailangan ng mga bansa sa Europe ang mahuhusay at malalaking hukbong sandatahan sa lupa at karagatan. Nagpaparami sila ng armas upang maging handa sa anumang digmaan. Ito ang naging ugat ng paghihinalaan at pagmamatyagan ng mga bansa. Nagsimulang magtatag ng malalaking hukbong pandagat ang Germany. Ipinalagay na ito'y tahasang paghamon sa kapangyarihan ng Great Britain bilang Reyna ng Karagatan.²

4. Pagbuo ng mga Alyansa

Nagdulot ng pag-igting ng lumulubhang tensiyon ang mga sistema ng alyansang sinimulan ni Otto von Bismarck ng Germany. Itinatag niya ang *Triple Alliance* na binubuo ng Austria-Hungary, Germany at Italy. Nabuo naman ang samahan ng Great Britain, France at Russia na tinawag na Triple

¹ Blando, Rosemarie C. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*, 451.

² Ibid.

Entente bilang tugon sa lumalakas na kapangyarihan ng Germany. Kalaunan ang Triple Entente ay naging *Allied Forces* at ang Triple Alliance ay naging *Central Powers*.

Pamprosesong Tanong:

Panuto: Sagutan ang mga tanong sa ibaba at isulat sa sagutang papel ang sagot.

1. Ano ang motibo sa pagkakabuo ng Triple Entente?
2. Paano naging salik ang imperyalismo at kolonyalismo sa pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig?
3. Paano naging salik ang nasyonalismo sa pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig?
4. Sa iyong palagay, alin sa mga nabanggit na salik ang nagpatindi ng tensiyon upang sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig?

Simula ng Unang Digmaang Pandaigdig

Bago pa man sumiklab ang digmaan ay nahahati na sandalawang magkaribal na panig o pwersa ang Europe ang Triple Entente at Triple Alliance

Nagsimula ang sigalot noong 1908 noong sakupin ng Austria ang Bosnia-Herzegovina, mga lalawigan sa Balkan. Tumutol ang Serbia sapagkat naniniwala sila na dapat mapasakamay nito ang nasabing lalawigan. Lumubha ang krisis nang patayin sa Sarajevo, Bosnia si Archduke Francis Ferdinand at ang kanyang asawa noong ika-28 ng Hunyo 1914. Si Archduke Francis Ferdinand ang tagapagmana ng trono ng Austria. Pinaslang sila ni Gavrilo Princip, isang rebeldeng Serbian. ³

Mga Labanan sa Unang Digmaang

Sentro ng Labanan	Mga Lumahok na Bansa	Mahahalagang Pangyayari
Kanlurang Europe	Germany, Austtia-Hunagary, France, United Kingdom, Belgium,	✓ Dito naganap pang pinakamainit na labanan ng Unang Digmaang Pandaigdig. ✓ Nasakop ng Central Powers ang Hilagang Belgium sa kabila ng pagiging neutral nito.
Silangang Europe	Russia, Germany, Poland, Ukraine, Rehiyon ng	✓ Lumusob ang Russia sa Prussia (Germany) sa pangunguna ni Grand Duke Nicolas.

³ Vivar, Teofista L., et al. *Kasaysayan ng Daigdig: Batayang Aklat sa Ikatlong Taon*. 243-248.

	Baltic (Estonia, Lithuania at Latvia sa ngayon)	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Natalo ang hukbo ng Russia sa digmaan sa Tannenberg dahil dumating ang tulong ng Germany. ✓ Nagtagumpay ang hukbong Russia sa Galicia. ✓ Nagtagumpay ang hukbong Russia sa Galicia. ✓ Bumagsak ang hukbo ng sandatahan ng Russia dahil pinahirapan sila ng mga German habang sila ay nasa Poland. ✓ Sunod-sunod ang pagkatalo ng hukbong sandatahan ng Russia na siyang dahilan ng pagbagsak ng Romanov noong Marso 1917 at naisilang ang komunismo sa Russia. ✓ Lumisan ang hukbong Ruso sa Poland, Ukraine at sa rehiyon ng Baltic.
Balkan	Austria, Serbia, Bulgaria, Italy, Greece, Turkey, Montenegro, Hungary, Russia	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Lumusob ang Austria at tinalo ang Serbia. Ngunit pagkaraan ng ilang buwan nakabawi ang Serbia. ✓ Sumapi ang Bulgaria sa Central Powers noong 1915. ✓ Pagdating ng 1916, napasailalim ng Central Powers ang karamihan sa mga bansa sa Balkan.
Karagatan	Germany, Great Britain, Denmark,	<ul style="list-style-type: none"> ✓ Nagkasubukan ang mga hukbong pandagat ng Germany at Great Britain sa unang bahagi ng digmaang karagatan. ✓ Naitaboy ng hukbong pandagat ng Germany mula sa Seven Seas ang hukbong pandagat ng Great Britain. ✓ Noong Mayo 31, 1916 nagkaroon ng labanan sa may baybayin ng Denmark. ✓ Sinagupa nila ang 99 barkong pandigma ng Germany sa pamumuno ni Admiral Reinhard Scheer. Maraming barko at buhay ang nawala sa pwersa ng British. Gayunpaman nakuha nitong paalisin ang pwersa ng Germany at muling naghari sa karagatan ang mga British.



Source: <https://www.mentalfloss.com/article/30658/world-war-i-centennial-balkan-bedlam-beckons>

Tingnan ang *timeline* sa ibaba upang higit na maunawaan ang mga pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig.

- 1908 sinakop ng Austria ang Bosnia-Herzegovina at mga lalawigan sa Balkan noong sakupin ng Austria ang Bosnia-Herzegovina, mga lalawigan sa Balkan
- 1914 Pinaslang si Archduke Francis Ferdinand at ang kanyang asawa Nagpahayag ng pakikidigma ang Austria-Hungary sa Serbia
Sinakop ng Belgiumng Germany ang Belgium
Nagdeklara ng digmaan ang Great Britain sa Germany
Nagdeklara ng digmaan ang Austria-Hungary laban sa Russia
Nilusob ng Germany ang Luxembourg
Nagpahayag ng digmaan ang Montenegro laban sa Austria-Hungary
Nagpahayag ng digmaan ang France at Great Britain laban sa Austria Hungary
- 1915 Sumali sa Central Powers ang Bulgaria
Pinalubog ang barkong Lusitania ng Amerika
- 1916 Napasailalim sa Central Powers ang karamihan sa mga estado ng Balkan
- 1917 Nagkaroon ng rebolusyon sa Russia
Nagdeklara ang United States ng digmaan laban sa Germany
- 1919 Paglagda sa Kasunduan sa Versailles at Pagwakas ng Unang Digmaang Pandaigdig

Pagpasok ng United States sa Digmaan

Ang United States ay nagpatupad ng isang pambansang patakarang tinatawag na isolasyonismo. Ito ang pag-iwas sa pakikisangkot sa mga gawain ng ibang bansa tulad ng ugnayang panlabas, pag-iwas sa pakikianib sa alyansang militar sa ibang nasyon at pag-iwas sa pakikialam sa mga digmaan na walang tuwirang epekto sa kanilang bansa.

Sa simula, walang pinanigan ang United States at nagpalabas ng *Proclamation of Neutrality* si Pangulong Woodrow Wilson noong August 4, 1914. Ngunit noong ika-2 Abril 1917, nagpahayag ng pakikidigma ang United States sa Germany dahil sa sumusunod: Una, pagkamatay ng maraming Amerikano dahil sa walang humpay na pagbomba sa mga barkong nasa karagatan. Ikalawa, paglubog ng barkong British na *Lusitania* noong ika-7 ng Mayo 1915. Kasamang nasawi ang 128 na pasaherong Amerikano.


Nagpautang ng malaking halaga ang United States sa mga kaalyadong bansa. Nakabili ang Allies ng mga kagamitan sa digmaan at pagkain. Nagtagumpay ang mga magkaanib na bansa sa pagsali ng United States sa digmaan. Nagpadala ang United States ng *American Expeditionary Forces* na may lakas na dalawang milyong sundalo sa pangunguna ni Heneral John J. Pershing. Dahil dito natalo ang Germany noong 1918. Nagtagumpay ang mga Allies at biglang naging tahimik at payapa ang daigdig.

Mga Pangyayari Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig

Mga Kasunduang Pangkapayapan

Ang Kasunduan sa Versailles ay ang pinakamahalagang kasunduan sa lahat ng kasunduang pangkapayapaan na nagdulot ng katapusan ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ipinahinto ng kasunduang ito ang digmaan sa pagitan ng Germany at ng mga Alyado ng Unang Digmaang Pandaigdig. Nilagdaan ito noong ika-28 ng Hunyo 1921. Pinangunahan ang mga pulong na ito sa tinatawag na *Big Four* na kinabibilangan nina Pangulong Woodrow Wilson ng United States, Punong Ministro Llyod George ng Great Britain, Punong Ministro Georges Clemenceau ng France at Punong Ministro Vittorio Orlando ng Italy.

Tunay ngang may saysay ang kataga ni Neville Chamberlain na nagsabing “*Sa anumang digmaan, walang panalo lahat ay talo.*” Sa katunayan, umabot ng humigit kumulang na 186 milyong dolyar ang pinsalang dulot ng digmaan kaya nagkasundo ang mga bansa na mapanatili ang kapayapaan.




https://en.wikipedia.org/wiki/Treaty_of_Versailles

https://en.wikipedia.org/wiki/Treaty_of_Versailles#/media/File:Big_four.jpg

Pagbabago ng Mapa ng Daigdig

Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig, nabago ang mapa ng Europe. Nagkahiwalay ang Austria at Hungary habang naging malaya ang Latvia, Estonia, Lithuania, Finland, Czechoslovakia, Yugoslavia at Albania. Nagwakas ang apat na dinastiya sa Europe- ang Hohenzollern ng Germany; Hapsburg ng Austria-Hungary, Romanov ng Russia at Ottoman ng Turkey. ⁴



⁴ Blando, Rosemarie C. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*, 456.

⁵ Ibid.

Sa iyong palagay, naging epektibo ba ang solusyong naihain upang makaroon ng kapayapaan at maiwaksi ang digmaan? Pangatwiranan ang iyong sagot.



Pagyamanin

Gawain 3: Anong Sanhi Ito?

Panuto: Tukuyin ang mga sumusunod na pahayag kung ito ay Nasyonalismo, Imperyalismo, Militarismo, Pag-alyansa. Isulat sa sagutang papel.

Mga Pahayag	Ang Aking Sagot
1. Ang pakikipaglaban sa mga mananakop bilang pagtanggol sa bansa ay isang manipestasyon ng pagmamahal sa bayan.	
2. Nagkakampihan ang mga bansa sa Europe upang mayroon silang makatulong sa oras ng digmaan.	
3. Ang pag-aagawan ng mga teritoryo ay isa sa mga naging sanhi ng kanilang pagkakampihan at pakikipagtulungan sa kanilang karibal na bansa.	
4. Ang pakikipaglaban ng Serbia upang mabawi ang Bosnia-Herzegovina ay isang halimbawa ng pagmamahal sa bayan.	
5. Pinalakas ng Germany ang kanilang hukbong pandagat.	
6. Sinikap ng mga makapangyarihang bansa sa Europe ang pagpaparami ng kanilang armas bilang paghahanda sa anumang digmaan.	
7. Nag-uunahan ang mga makapangyarihang bansa sa pagsakop ng mga lupain upang magkaroon kontrol sa kanilang pinagkukunang yaman at kalakal.	

8. Sa Unang Digmaang Pandaigdig nagkampihan ang Germany, Austria-Hungary at Italy.	
9. Ipinakita ng Germany ang kanilang matinding pagmamahal sa kanilang bayan sa pamamagitan ng pagsakop at pagkontrol sa iba pang mga teritoryo.	
10. Ang mga Europeong bansa ay nananakop dahil nais nila itong gawing daluyan ng kanilang mga produkto.	

Gawain 4: Pagsunod-sunurin

Panuto: Lagyan ng bilang 1-5 ang mga pangungusap ayon sa pagkasunod-sunod ng mga pangyayari. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.

1. Pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig

- ___A. Sinakop ng Austria ang Bosnia-Herzegovia.
- ___B. Pinaslang si Archduke Francis Ferdinand ng Austria at ang kanyang Asawa.
- ___C. Nilusob ng Germany ang Belgium.
- ___D. Tumiwalang ang Italy sa sa Tripple Alliance.
- ___E. Itinatag ang Triple Alliance

2. Ang Pagsali ng Estados Unidos sa Digmaan at Kasunduang Pangkapayapaan

- ___F. Nagpalabas ng Proclamation of Neutrality si Pangulong Wilson ng United States.
- ___G. Lumubog ang barkong Lusitania noong May 7, 1915.
- ___H. Nagpalabas ng Labing-apat na Puntos si Pangulong Wilson ng United States.
- ___I. Natalo ang Germany sa digmaan
- ___J. Nilagdaan ang Kasunduan sa Versailles

Gawain 5: Larawan-Suri

Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong



Source:https://www.google.com.ph/search?q=world+war+i+pictures&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=OqF4UrPRINOCiQf3zYHgAw&sqi=2&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1208&bih=598

Gabay na Tanong:


1. Ano ang ipinakita sa larawan?
2. Ano sa palagay mo ang mga pinsalang dulot ng digmaan?
3. Bilang isang mag-aaral, ano-ano ang iyong maitutulong upang magkaroon ng kapayapaan sa iyong komunidad? sa bansa? sa daigdig?



Isaisip

Gawain 6: Ipaliwanag Mo

Panuto: Ibigay ang iyong hinuha tungkol sa pahayag na *“Sa anumang digmaan, walang panalo lahat ay talo.”* Gawin ito sa hiwalay na papel.



Isagawa

Gawain 7: Kaya Mo Ito

Panuto: Gumawa ng isang maikling talumpati (*speech*) sa iyong sagutang papel na naglalaman ng iyong adbokasiya upang mapanatili ang kapayapaan sa sanlibutan. Gawing gabay ang rubric sa ibaba sa paggawa ng iyong talumpati.

Rubric Para sa Pagsulat ng Talumpati

Pamantayan	Mahusay (15 puntos)	Katamtaman ang Husay (13 puntos)	Nangangaila- ngan ng pagsasanay (11 puntos)	Puntos
Organisasyon ng ideya	Lubhang mahusay, lohikal ang pagkakasulat ang pagkakanay ng mga pahayag at detalye mula panimula, hanggang konklusyon ng diskusyon.	Katamtaman lamang ang husay sa pagkasulat ang pagkahanay ng mga pahayag mula sa panimula hanggang sa konklusyon ng diskusyon.	May kakulangan sa husay sa pagkasulat at pagkahanay ng mga pahayag mula sa panimula hanggang sa konklusyon ng diskusyon.	
Nilalaman	Mapanghikayat, komprehensibo, at kompleto ang mga detalyeng ipinahayag	Komprehensibo at kompleto ang mga detalyeng ipinahayag	Mahusay ang pagpapahayag ng mga detalyeng ipinahayag	
Kabuuan				



Tayahin

Panuto: Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang maaring magdulot ng pinakamatinding pinsala sa ari-arian at imprastruktura?

- A. digmaan
- B. epidemya
- C. kahirapan
- D. pagkalugi

2. Anong imperyo sa Gitnang Silangan ang bumagsak pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig?

- A. Hapsburg
- B. Hohenzollern
- C. Ottoman
- D. Romanov

3. Aling pahayag ang hindi nagsasaad ng tamang hinuha tungkol sa epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig?

- A. Nasira ang mga ari-arian.
- B. Napahinto nito ang gawaing pangkabuhayan.
- C. Maraming tao ang mandarayuhan sa ibang bayan.
- D. Tumaas ang bilang ng mga taong nasugatan at namatay.

4. Ano ang mahihinuha kapag naantala ng digmaan ang aktibong kalakalan sa buong mundo?

- A. Tataas ang presyo ng mga bilingin
- B. Bababa ang presyo ng mga bilingin
- C. Tatamlay o mahihinto ang kalakalan
- D. Kaunting produkto ang mapagpipilian

5. Kung ikaw ay isang lider na nakaligtas sa Unang Digmaang Pandaigdig, alin ang nararapat na unang bigyang-pansin?

- A. pagsali sa iba't ibang pandaigdigang samahan
- B. payagan ang lahat ng dayuhang mamumuhunan na papasok sa bansa
- C. palawakin ang teritoryo upang madagdagan ang mga hilaw na sangkap at mapabilis ang pag-unlad
- D. pagpapatupad ng mga programang pang-ekonomiya na nakatuon sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga tao

6. Ano ang tawag sa pagkakampiyan ng mga bansa sa Europe bago nagsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig?

- A. alyansa
- B. pagkakaibigan
- C. kapatiran
- D. sanduguan

7. Alin sa sumusunod na sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang tumutukoy sa pagpapahusay, pagpaparami ng armas, at pagpapalakas ng mga sandatahang lakas ng mga bansa sa Europa?

- A. Imperyalismo
- B. Kolonyalismo
- C. Militarismo
- D. Nasyonalismo

8. Saang kontinente nagsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig?

- A. Africa
- B. Asia
- C. Europe
- D. North America

9. Alin sa sumusunod na pangyayari ang naging hudyat ng pagsisimula ng Unang Digmaang Pandaigdig?

- A. paglusob ng hukbong Germany sa Belgium
- B. pagpalabas ng Labing-apat na Puntos ni Pangulong Woodrow Wilson
- C. pagwakas ng mga imperyo sa Europe tulad ng Germany, Austria-Hungary, Russia at Turkey
- D. pagpaslang sa tagapagmana ng trono ng Austria-Hungary na si Archduke Francis Ferdinand

10. Alin sa sumusunod na pahayag ang halimbawa ng epekto sa ekonomiya pagkatapos ng mga digmaan?

- A. Paghina ng industrialisasyon at pananalapi
- B. Pagiging malaya mula sa mga mananakop
- C. Pagtatag ng mga samahang Liga ng mga Bansa
- D. Paglakas ng *Central Powers* sa larangan ng pamamahala

11. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga mahalagang pangyayari sa Unang Digmaang Pandaigdig?

- A. pagtatatag ng United Nations
- B. pagkaroon ng diwang nasyonalismo
- C. pagkatatag ng Allies at Central Powers
- D. pagpapalakas ng hukbong militar ng mga bansa

12. Sino ang nagpasikat ng katagang “Sa alinmang digmaan, walang panalo lahat ay talo?”

- A. Lloyd George
- B. Woodrow Wilson
- C. Neville Chamberlain
- D. George Clemenceau

13. Alin sa mga sumusunod na sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang tumutukoy sa madaling paraan ng pagpapalawak ng kapangyarihan ng isang bansa sa pamamagitan ng pag-impluwensiya sa mga kalakaran ng ibang estado?

- A. imperyalismo
- B. kolonyalismo
- C. militarismo
- D. nasyonalismo

14. Ano-anong bansa ang bumubuo sa Triple Entente?

- A. France, Italy, Russia
- B. Russia, Germany, Italy
- C. France, Great Britain, Russia
- D. Germany, Austria-Hungary, Italy

15. Paano naging sanhi ng Unang Digmaang Pandaigdig ang pagbubuo ng mga alyansa?

- A. Nalagay sa panganib ang isang bansa
- B. Nagkaroon ng pagkakampihan sa mga bansang sangkot
- C. Pinahina nito ang sandatahang lakas ng isang bansa
- D. Mas napalawak ang ugnayan ng mga bansa sa pakikipagkalakalan



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Lahat Tayo Apektado

Panuto: Suriin kung paano naapektuhan ng digmaan ang sumusunod na aspeto.

Aspeto	Mga Epekto
1. Tao	
2. ari-arian	
3. kalakalan	
4. gawaing hanapbuhay	
5. pagkain	
6. teritoryo	
7. kalagayang politikal	
8. kalusugan	
9. edukasyon	
10. relihiyon	



Susi sa Pagwawasto

- Subukin**
1. A
 2. C
 3. C
 4. D
 5. A
 6. A
 7. C
 8. A
 9. C
 10. B
 11. A
 12. C
 13. C
 14. C
 15. D

- Gawain 1**
1. Simon Bolivar
 2. Josef Stalin
 3. Jose de San Martin
 4. James Monroe
 5. Vladimir I

Gawain 2

- Maaring magkaiba ang sagot sa gawain ito

Pamprosesong Tanong

1. Ang motibo ng Triple Entente sa pagbuo ng samahan ay upang magkaroon ng proteksiyon laban sa Triple Alliance ng Germany, Austria-Hungary at Italy.
2. Ang imperyalismo at kolonyalismo ay isa sa mga salik ng unang digmaang pandaigdig dahil sa katibayang nagpapalawak ng kanilang mga bansang sakop.
3. Sa aking palagay ang pinakamatinding salik na nagpasiklab sa tensiyon ng Unang Digmaang Pandaigdig ay ang Militarismo. Pinalakas nila ang kanilang sandatahang lakas na nagbunsod ng pagmatyagan at paghinalaan ng mga bansa.

- Gawain 3**
1. Nasyonalismo
 2. Pag-aalyansa
 3. Imperyalismo
 4. Nasyonalismo
 5. Militarismo
 6. Militarismo
 7. Imperyalismo
 8. Pag-aalyansa
 9. Nasyonalismo
 10. Imperyalismo

- Gawain 4**
- | | | | |
|----|---|----|---|
| A. | 3 | F. | 1 |
| B. | 2 | G. | 2 |
| C. | 4 | H. | 3 |
| D. | 5 | I. | 4 |
| E. | 1 | J. | 5 |

Gawain 5
Maaring Magkaba ang sagot sa gawain ito.

Gawain 6
"Sa anumang digmaan, walang panalo lahat ay talo"
Ang kasabihang ito ay nagpapahiwatig na sa bawat digmaan lahat ng sangkot ay hindi mabuting epekto kung kayat bawat digmaan ang lahat ng tao ay talo. Maaring magdulot ng pagkasira ng ari-arian, hanapbuhay at ang pagkamatay ng maraming tao.

Gawain 8

1. Marami ang namamatay.
2. Nasira ang mga bahay at iba't ibang ari-arian
3. Natigil ang kalakalan dahil sa takot.
4. Nawalan ng hanapbuhay ang karamihan sa mga tao.
5. Naubos ang suplay ng pagkain.
6. Ang mga tao ay lumipat ng ibang lugar.
7. Magulo ang sistemang politikal.
8. Nagdulot ng iba't ibang sakit sa mga tao.
9. Natigil ang pagpasok sa paaralan.
10. Natigil ang pagtitiipon-tipon sa simbahan.

Tayahin

1. A	6. A	11. A
2. C	7. C	12. C
3. C	8. C	13. A
4. A	9. D	14. C
5. D	10. A	15. B

Gawain 7 (Maaring Magkaba ang sagot sa gawain ito)

Isa sa pangangailangan ng tao ayon sa hirarkiya ni Abraham Maslow ay ang kaligtasan o kapayapaan. Ano nga ba ang kapayapaan? Kailan ba natin masasabing ganap na kapayapaan ng isang lugar? Malamang marami sa atin ang higit na nabagabag sa bawat araw sa mga pangyayaring kawalan ng kapayapaan? Tiyak na maswerte ang mga taong hindi nakaranas ng kaguluhan sa buhay. Nakakatulog sila ng mahimbing at nagsising na may ngiti sa labi.

Ngunit paano ang mga taong nasa gitna ng kaguluhan? Paano sila matutulungan ng pamahalaan? Sila pangangailangan gaya halimbawa ng kanilang kalusugan. Tulungang maibsan ang kanilang mga pangamba at matugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Ang bawat isa sa atin ay may pakialam sa pagkamit ng tunay na kapayapaan. Gawin natin ang ating tungkulinat makibahagi sa mga gawain pangkapayapaan upang makamit ang tunay na kaligtasan ng bawat isa.

Sanggunian

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*. Pasig City, Philippines: Vibal Group Inc. and Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

Vivar, Teofista L., Nieva J. Discipulo, Priscilla H. Rille, Zenaida M. de Leon. 2000. *Kasaysayan ng Daigdig: Batayang Aklat sa Ikatlong Taon*. Metro Manila, Philippines: Sd Publications, Inc.

Philippines. Department of Education. 1995. *Labanan ng mga Bansa sa Daigdig (Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig) - Modyul 17*. Pasig City: Bureau of Secondary Education Project EASE.

Online Resources:

George, David Lloyd, Woodroe Wilson, Georges Clemenceau . May 27, 1919. Auckland War Memorial Museum. Accessed July 23, 2020.

https://en.wikipedia.org/wiki/Treaty_of_Versailles#/media/File:Big_four.jpg

George, David Lloyd, Woodroe Wilson, Georges Clemenceau . June 29, 1919. Auckland War Memorial Museum. Accessed July 18, 2020.

https://en.wikipedia.org/wiki/Treaty_of_Versailles

Sass, Erik. May 12, 2012. World War I Centennial: Balkan Bedlam Beckony. Accessed September 10, 20201. <https://www.mentalfloss.com/article/30658/world-war-i-centennial-balkan-bedlam-beckons>

https://www.google.com.ph/search?q=world+war+i+pictures&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=OqF4UrPRINOCiQf3zYHgAw&sqj=2&ved=0CAcQ_AUoAQ&biw=1208&bih=598

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph